Sangguniang Panglungsod

## KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BILANG 05-198

**KAPASIYAHAN NA BUMABATI AT KUMIKILALA KINA GYMNASTS ROEL, RONNIE AT AL RAMIREZ, DANICA CALAPATAN AT BONNIE BRYDON SY, JUDOKAS KAREN ANN SOLOMON AT ELSIE GAY LIWANEN, TAEKWONDO-JIN CRISELDA ROXAS, AT ARNIS MASTER REGINALD SANCHEZ NA NAGWAGI NG MEDALYANG GINTO (GOLD), PILAK (SILVER) AT TANSO (BRONZE) SA GINANAP NA 23rd SOUTHEAST ASIAN (SEA) GAMES SA ATING BANSA NOONG IKA-27 NG NOBYEMRE-IKA-5 NG DISYEMBRE, 2005.**

*****************************************************************************************

Ipinanukala nina: **Kgg. Allan Rey A. Camilon**
**Kgg. Mggl. Raul R. Corro**
**Kgg. Ma. Luisa Babaran-Echavez, M.D.**
**Kgg. Melchor R. Teves**
**Kgg. Allen F. Ampaya**
**Kgg. Elmer S. Espeleta**
**Kgg. Francis Ian T. Bagatsing**
**Kgg. Marissa Cole-Rongavilla**
**Kgg. Lucio B. Constantino**
**Kgg. Mamerto T. Sevilla, Jr.**
**Kgg. Mario E. Bulay, Jr.**
**Kgg. Artemio A. Simundac**
**Kgg. Christian Glenn D. Lorica**

*****************************************************************************************

**SAPAGKAT,** sinusuportahan ng Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa ang layunin ni Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo at ng Philippine Sports Commission na gawing sports powerhouse ang Pilipinas sa pamamagitan ng grassroots development program, kung saan tuwing bakasyon ay isinasagawa ang mga sports workshops sa kabuuan ng Lungsod partikular sa pagdisiplina ng gymnastics, judo at arnis kung saan nangunguna ang Muntinlupa sa paglinang ng mga world-class atletes;

**SAPAGKAT,** ang pagwawagi ng mga atletang Pinoy ay nagbigay ng bagong pag-asa sa bawat Pilipino na kapag magtutulungan lamang ay mapagwawagian ang anumang paghamon sa buhay;

**SAPAGKAT,** ipinamalas ng ating mga atleta ang tunay na kakayahan ng mga Muntinlupeño, o ang "***Lakas-Muntinlupeño***" dahil ang kanilang puso at determinasyon ay tunay na kahanga-hanga, at ito ay magiging huwaran ng iba pang mga kabataan upang mahilig sa larangan ng palakasan at hindi sa droga;

**SAPAGKAT,** maliban sa insentibo at pinansiyal na suportang ipinagkakaloob ng Pamahalaang Lungsod sa mga atletang Muntinlupeño lalo na sa kumpetisyon sa labas ng bansa, ito ay lalo pang pinagtibay ng ating Punonglungsod Mggl. Jaime R. Fresnedi sa pamamagitan ng pagtatayo ng isang Sports Complex na kasalukuyang ginagawa ngayon sa Barangay Tunasan;

**SAPAGKAT**, karapat-dapat lamang na kilalanin ng Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa ang ipinagmamalaking "***Lakas-Muntinlupeño***" na sina Gymnasts ***Roel (2 Gold,1 Silver, 2 Bronze Medals), Ronnie (Bronze Medal)*** at ***Al Ramirez (Bronze Medal), Danica Calapatan (2 Bronze Medals),*** at ***Bonnie Brydon Sy (2 Bronze Medals),*** Judokas ***Karen Ann Solomon (Gold Medal),*** at ***Elsie Gay Liwanen (Bronze Medal),*** Taekwondo-jin ***Criselda Roxas (Silver Medal),*** at Arnis Master ***Reginald Sanchez (Silver Medal)*** na nagpakita ng kanilang husay at galing sa katatapos na 23rd Southeast Asian Games at nagpursige upang makuha ng ating bansa ang unang over-all championship sa naturang torneo;

**NGAYON, DAHIL DITO,** buong pagkakaisang pinapagpasiyahan ng Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa na bumabati at kumikilala kina Gymnasts ***Roel, Ronnie*** at ***Al Ramirez, Danica Calapatan*** at ***Bonnie Brydon Sy,*** Judokas ***Karen Ann Solomon*** at ***Elsie Gay Liwanen,*** Taekwondo-jin ***Criselda Roxas,*** at Arnis Master ***Reginald Sanchez*** na nagwagi ng medalyang ginto (gold), pilak (silver) at bronze (tanso) sa ginanap na ***23rd South East Asian (SEA) Games*** sa ating bansa noong ika-27 ng Nobyembre-ika-5 ng Disyembre, 2005.

**PINAGPASIYAHAN PANG MULI**, na bigyan ng sipi ng Kapasiyahang ito sina ***Roel, Ronnie*** at ***Al Ramirez, Danica Calapatan*** at ***Brydon Sy (Gymnastics), Karen Ann Solomon*** at ***Estie Gay Liwanen (Judo), Criselda Roxas (Taekwondo), Reginald Sanchez (Arnis)***.

**PINAGTIBAY,** ng ***Ika-Apat na Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa*** ngayong ika-***12*** ng ***Disyembre 2005,*** sa ginanap na ika-***12*** Natatanging Sesyon.

**SUMASANG-AYON:**

**MGGL. RAUL R. CORRO**
*Konsehal*

**ELMER S. ESPELETA**
*Konsehal*

**ALLAN REY A. CAMILON**
*Konsehal*

**FRANCIS IAN T. BAGATSING**
*Konsehal*

**MA. LUISA BABARAN-ECHAVEZ, M.D.**
*Konsehal*

**MARISSA COLE-RONGAVILLA**
*Konsehal*

**MELCHOR R. TEVES**
*Konsehal*

**MAMERTO T. SEVILLA, JR.**
*Konsehal*

**ALLEN F. AMPAYA**
*Konsehal*

**MARIO E. BULAY, JR.**
*Konsehal*

**CHRISTIAN GLENN D. LORICA**
*Kinatawan ng Sektor*
*Pangulo, Pederasyon ng*
*Sangguniang Kabataan*

**ARTEMIO A. SIMUNDAC**
*Kinatawan ng Sektor*
*Pangulo, Asosasyon ng mga*
*Punongbarangay*

**LIBAN:**

**BAL NIEFES**
*Konsehal*

**RENE CARL S. CAYETANO**
*Konsehal*

**KEVIN B. DELGADO**
*Konsehal*

**JOSELITO V. AREVALO**
*Konsehal*

**MGGL. ICASIANO M. DELA REA**
*Konsehal*

**PINATOTOTOHANAN KO,** ang katumpakan ng Kapasiyahang ito.

**CECILIA C. LAZARTE**
*Kalihim*
**Sangguniang Panlungsod**

**PINATUTUNAYAN:**

**LUCIO B. CONSTANTINO**
*Pansamantalang Pangulong Opisyal*

**PINAGTIBAY:**

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**
*Punonglungsod*
*Petsa:*____________

PBS, JR.